4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Aralin 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 1: Aralin 6 (Linggo 8)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Lily Fetalsana-Apura (Siliman University)

**Tagasuri:**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling kamalayan sa mga mabuting kaugaliang Pilipino. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga tinataglay na mabuting kaugaliang Pilipino bilang tanda ng pagmamahal sa bayan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nakapagsasanay ng pagmamahal sa bayan sa pamamagitan ng mga gawain na nagtatampok sa mga Pilipinong nagsasabuhay ng mabuting kaugalian.**<br>1. Natutukoy ang mga pansariling taglay na mga mabuting kaugaliang Pilipino (hal. masayahin, madasalin, masipag)<br>2. Naipaliliwanag na ang sariling kamalayan sa mga mabuting kaugaliang Pilipino ay mahalaga upang maiangkop ang mga kilos at pag-iisip na katangi-tangi sa lahing pinagmulan.<br>3. Naisasakilos ang mga tinataglay na mabuting kaugaliang Pilipino. |
| **D. Nilalaman** | Sariling Kamalayan sa mga Mabuting Kaugaliang Pilipino<br>1. Ang Mga Mabubuting Kaugaliang Pilipino<br>2. Mga Pamamaraan ng Pagpapahalaga sa Mabubuting Kaugaliang Pilipino |
| **E. Lilinanging Pagpapahalaga** | Pagmamahal sa Bayan (Love of Country) |
| **F. Integrasyon** | *Culture as civilizational achievement/ Culture as society's solution to civilizational challenges* |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


n.a., (n.d.). Promoting Philippine culture and Values. https://pdp.neda.gov.ph/wp-content/uploads/2017/01/07-04-07-2017.pdf

Bria-Admin. (2023, July 18). *12 Fascinating Filipino cultural traditions and customs at home*. Bria Homes. https://www.bria.com.ph/articles/12-fascinating-filipino-cultural-traditions-and-customs-at-home/

Pe-Pua, R., & Protacio-Marcelino, E. A. (2000). Sikolohiyang Pilipino (Filipino psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez. *Asian Journal of Social Psychology*, *3*(1), 49–71. https://doi.org/10.1111/1467-839x.00054

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
| --- | --- | --- |
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**Maikling Balik-aral (5 minuto)**<br><br>Sabihin kung TAMA o MALI at BAKIT ang sumusunod na mga kilos ugnay sa pangangalaga ng mga punong kahoy.<br><br>1. Hindi naaapektuhan ang punong kahoy sa mga ilaw na ipinupulopot sa kanilang sanga kung Pasko.<br>2. Tama lang na pagbawalang ang pagpako sa mga kahoy ng mga *campaign materials.*<br>3. Madali lang palitan ang punong kahoy kaya hindi dapat pagbawalan ang pagputol nito. | Mga sagot:<br>a. Mainit ang mga ilaw, at nakaka apekto sa mga puno kapag ipinupulopot natin ng mga *Christmas lights ang kanilang mga sanga at dahon. Maaari itong ikamatay ng puno.*<br>b. Ang pagpako ay nagsusugat sa puno at nagiging sanhi ito ng pagpasok ng sakit at pagkabulok.<br>c. Inaabot ng 20-30 years bago maging *mature* ang isang puno. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **Paghawan ng Bokabularyo**<br><br>Ano kaya ito**: Kamalayan, Kaugalian, Sariling Kamalayan?**<br><br>Pipiliin ng mag-aaral ang angkop na sagot sa mga salaysay sa ibaba:<br><br>**1.** Tumutukoy ito sa kaalaman o pagunawa ng indibidwal o komunidad sa kaniyang damdamin, opinyon, at karanasan at pagkakilala ng nasa paligid nila.<br>**2.** Ito ay ang mga gawain, tradisyon, o pamumuhay na kadalasang ginagawa ng isang grupo ng tao. Ito ay nagpapakita ng mga pag- uugali ng isang komunidad.<br>**3.** Ito ay ang personal na pag-unawa at kaalaman ng isang tao tungkol sa kaniyang sarili, kaniyang karanasan, at mga opinyon. Ito ay ang sariling pagkilala sa kaniyang pagkatao. | **Mga tamang sagot:**<br><br>1. Kamalayan 2. Kaugalian, 3. Sariling Kamalayan |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pilipino Ba Ako?**<br><br>Gagawin ang gawang araling ito ng dalawahan/magkakatabing mag-aral. Tutukuyin ng mag-aaral ang kaugaling **Pilipino** at kaugaliang **Puti** (*Western* **o kaugalian ng mga puti).**<br>____________Makapamilya<br>____________*Individualistic*<br>____________Mataas ang tingin sa sarili dahil makapangyarihan ang bayang kinabibilangan<br>____________Mapangatwiran sa magulang<br>____________Mapanindigan sa karapatan<br>____________Mapagsarili/*independent*<br>____________Matibay ang loob<br>____________Masayahin at magiliw na kasama<br>___________ Marunong makisama at makibagay<br>___________ Maganda ang loob<br>___________ MakaDiyos<br>___________ Pinahahalagahan ang personal na kalayaan<br>___________ Magalang lalo na sa mga matatanda<br><br>Ito ay pangkaramihan at tepikal na paglalahat. Pero hindi lahat ng Pilipino ay may pag-uugaling Pilipino gayun rin ang mga puti.<br><br>Makikinig at makikisabay sa kantang: "Mano Po (ugaling pinoy) - *reposted [Lyrics below*] Isang awitin tungkol sa isang magandang Kaugalian nating mga Pilipino na unti unting Nawawala sa ating mga…<br><br>**Mano Po**<br>© Copyright 2014 Rene Tinapay<br>Hango sa: https://www.facebook.com/watch/?v=339553512892798<br><br>Mano po Itay mano po Inay,<br>Isang pag-galang sa ating mga magulang<br>Mano po Itay mano po Inay Kay sarap pakinggan<br>Magandang kaugalian, Sana'y mapangalagaan<br>At hindi mapabayaang, | **Tamang sagot:**<br><br>*Mga Kaugaliang Pilipino:*<br>Makapamilya, Matibay ang loob, Masayahin at magiliw na kasama, Marunong makisama at makikibagay, Maganda ang loob, MakaDiyos, Magalang lalo na sa mga matatanda<br><br>Ang mga puti naman ay *individualistic* (mas importante sa kanila ang indibidwal na interes kaysa sa pamilya nila o pamanayan), dahil sa kanilang maunland na bayan marami sa mga puti ang mataas ang tingin sa kanilang kabihasnan. Normal sa kanila ang mangatwiran sa kanilang magulang at manindigan sa kanilang karapatan. Mas mahalaga sa kanila ang personal na kalayaan kaysa sa nakbubuti sa mga nakararami. |

| | | |
|---|---|---|
| | Mawala ito mawala itong tuluyan<br>Di ka ba nangangamba, Ang panahon nag-iiba<br>Darating ang araw kung tayoy wala na<br>Tuluyan na rin kayang mawawala ito<br>Ang ugaling Pinoy sa banyagang bayan,<br>Unti-unting nawawalan ng saysay<br>Ang ugaling Pinoy sa banyagang bayan,<br>Unti-unting nawawalan ng buhay. | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br><br>**Kaugnay sa Paksa 1: Ang Mga Mabubuting Kaugaliang Pilipino**<br><br>Ang kaugaliang Pilipino ay bahagi ng ating kultura. Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kaugaliang ito nahuhubog ang ating kamalayan sa pagka Pilipino. Ang ating mga gawi ay humuhubog sa indibidwal ng pagkakakilanlan bilang miyembro ng lipunang Pilipino. Sa pagsasabuhay ng kaugaliang Pilipino nauugnay tayo sa kaugalian ng ating mga ninuno na ipinamamamana mula sa henerasyon hanggang sa susunod na henerasyon ng mga Pilipino. Ito ay nagpapalakas sa pagkakaisa ng pamayanang Filipino. Ang kaugaliang Filipino a nakikita sa pakikitungo, ritwal, seremonya, o iba pang mga aspekto ng pang-araw-araw na buhay na ugnay sa pagka Pilipino. Ang sumusunod ay mga kaugaliang natatangi sa mga Pilipino:<br><br>a. **Malapit na ugnayan sa pamilya**. Isang kaugaliang Pilipino ang pagsama-sama ng pamilya sa iba't ibang okasyon tulad ng mga pagdiriwang, kainan, at simpleng pagsasama-sama sa bahay. Ito ay nagpapakita ng kanilang **pagpapahalaga sa bawat isa.** Para sa mga Pilipino mahalaga ang **pagsama-sama** dahil sa pagbabahaginan ng mga karanasan, mga kuwento, at kabigatan sa buhay. Nagpapalakas ito ng ugnayan sa pamilya. Sa oras ng pangangailangan, ang mga miyembro ng pamilya ay **nagtutulungan** at **nagbibigay ng suporta** sa isa't isa. Maaaring ito ay tulong sa mga gawain sa bahay o pinansyal depende sa pangangailangan ng bawat isa. Sa kulturang Pilipino, malaki ang **pagpapahalaga sa mga nakatatanda**. Ang mga miyembro ng pamilya ay may tungkuling alagaan ang kanilang mga nakatatanda bilang pagpapakita ng **respeto** at **pagmamahal**. | |

| | | |
|---|---|---|
| | b. **Mabuting pakikibagay at pakikisama**. Ang pagkakaroon ng kakayahan na makisama ay nagpapakita ng **respeto** sa kapuwa Pilipino. Sa pamamagitan ng pakikibagay, ipinapakita ng isang tao na **nirerespeto niya ang damdamin at opinyon** ng iba. Ang pakikisama ay nagpapalakas ng ugnayan at nagtataguyod ng harmonya sa komunidad. Sa pamamagitan ng **pagtanggap at pagrespeto** sa mga kaibigan, kapamilya, at katrabaho, mas nagiging maligaya at masaya ang pagsasamahan. Sa pamamagitan ng pagtulong-tulong at pagbibigay-suporta sa isa't isa, mas madali para sa mga Pilipino na makamit ang kanilang mga layunin. Ang mga indibidwal na marunong makisama natututong **magpapakumbaba, magpatawad** at maging **maunawain**, dahil nakikisama, nagsisikap na gampanan ang tungkulin. Ang mga ito ay nagtataguyod ng mas mahusay na relasyon at nagsisilbing halimbawa ng mabuting pag-uugali.<br>c. **Ang pagkamasayahin at magiliw.** Ang pagiging masayahin at magiliw na kasama ay nagpapalakas ng samahan at pagkakaisa sa lipunan. Sa pamamagitan ng pagiging masayahin at positibo, nagkakaroon ng magandang atmospera at mas madali ang pagbuo ng **magandang ugnayan sa kapuwa**. Ito ay nagpapakita ng **paggalang** at **pagpapahalaga sa damdamin ng iba** na nagbubunga ng mas **mabuting komunikasyon**. Ang pagiging masayahin ay may positibong epekto sa kalusugan. Ang pagtawa at pagiging positibo ay nagpapababa ng *stress* at nagpapalakas ng *immune system* at nagbibigay-daan sa mas malusog na pamumuhay. Ang maaliwalas at magiliw na pakikitungo sa mga kasamahan ay nagpapakita ng **kagandahang-asal** at nagbibigay-daan sa mas **malamim na pagkakaibigan**. Ang mga pista, selebrasyon, at kasayahan ay nagpapakita ng kahalagahan ng **pagpapasalamat sa pagpapala** at **pagdiwang ng mumunting tagumpay** sa kabila ng mga pagsubok at hamon sa buhay.<br>d. **Ang Pagka makaDiyos at takot sa Diyos.** Para sa maraming Pilipino, ang kanilang pananampalataya sa Diyos ay nagbibigay sa kanila ng gabay at patnubay sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ito ay nagbibigay sa kanila ng lakas at **pag-asa** sa harap ng mga hamon at pagsubok. Ang relihiyon ay isang mahalagang bahagi ng pagkakakilanlan ng mga Pilipino at | |

| | | |
|---|---|---|
| | nagbubuklod sa kanila bilang isang komunidad. Ang mga aral ng pananampalataya ay nagtuturo sa mga Pilipino ng mga moral na prinsipyo at batayang gawain tulad ng **pagmamahal sa kapuwa**, pagbibigay, at kabutihang-loob. Ito ay nagpapalakas sa kanilang **pagiging mabuting mamamayan** at nakikibahagi sa pagpapalaganap ng kabutihan sa lipunan. Ang mga aral ng pananampalataya ay nagtuturo rin sa mga Pilipino ng pagiging **responsableng** mamamayan at **pagmamalasakit** sa kapuwa. Ito ay nagpapalakas sa kanilang pang-unawa at pagkilos sa pagtulong sa mga nangangailangan at sa pagiging **mabuting halimbawa** sa kanilang komunidad.<br>e. **Makatao.** Ang pagiging makatao ay nagpapahiwatig ng kahandaan na **magmalasakit**, magbigay, at magbahagi ng oras at pera sa iba. Ang Pilipinong kaugaliang "makatao" ay nagpapakita rin ng paggalang at **pagpapahalaga sa dignidad at karapatan** ng bawat tao. Ito ay ipinapakita sa pamamagitan ng **pagtanggap at pagpapakita ng respeto** sa iba't ibang paniniwala, kultura, at pamamaraan ng pamumuhay.<br><br>**Gawang Aralin 3. Salaysay-Buhay**<br><br>Hahatiin ang klase sa limang pangkat. Bawat pangkat ay bubunot ng isang kaugaliang Pilipino (sa itaas) at magsasadula (kilos at salita) ng isang situwasyon sa araw-araw na buhay sa bahay o paaralan. Ipapakita sa dula ang pagsasabuhay ng kaugaliang Pilipino at mga ugnay na mga katangiang nabunot.<br><br>**Rubrik sa Pagmarka:**<br>10/10: Malinaw na malinaw na napakita at madaling maunawaan sa mga kilos at salita ang nasabing kaugalian.<br>8-9/10: Sobra sa sapat ang linaw at pagpakita, madaling maunawaan sa mga kilos at salita ng nasabing kaugalian.<br>5-7/10: Sapat ang linaw at pagpakita, naunawaan sa mga kilos at salita ang nasabing kaugalian.<br>1-4/10: Hindi sapat ang linaw at pagpakita, mahirap maunawaan sa mga kilos at salita ang nasabing kaugalian. | |

| | | |
|---|---|---|
| | **IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay sa Paksa 2. Mga Pamamaraan ng Pagpapahalaga sa Mabubuting Kaugaliang Pilipino**<br><br>**Pagtatalakay:**<br><br>Ang pagsasabuhay ng mga kaugaliang Pilipino ay may malaking epekto sa pagpapalago at pag-unlad ng indibidwal. Ito ay naglalagay ng halaga sa ugnayan, pagkakaisa, at pagkamapagkumbaba, na nagbubunga ng masiglang komunidad at pagkakaisa sa lipunan. Ang sumusunod ay mga pamamaraan ng pagpapalago ng ating kamalayang Pilipino.<br><br>**1. Pagbibigay panahon at pakikipagkuwentohan sa mga matatanda.** Ang pagbigay ng oras at pakikinig sa mga kuwento ng mga matatanda ay nagpapalakas ng ugnayan sa pamilya at lipunan. Ito ay nagbibigay daan sa pagpapahalaga sa kanilang karanasan at kaalaman at nagbubuo ng samahan at pagkakaisa sa komunidad. Ang pakikipagkuwentuhan sa kanila ay nagpapalakas ng paggalang at nagbibigay-buhay sa tradisyon at kultura ng bansa. Dapat nating ipagpatuloy ang kaugalian ng pagmamano, pagbigay upuan sa mga matatanda, at pag-alalay sa kanila.<br><br>**2. Pagbibigay prayoridad sa pagsasama-sama ng pamilya.** Pahalagahan at bigyan natin ng panahaon ang mga selebrasyong pampamilya at bayan. Pagsumikapan rin nating makiisa sa mga gawain ng simbahan at pamayanan kagaya ng mga *camping* , *picnic* at paggawa ng konkretong hakbang para maipakita ang pagmamalasakit sa mga magulang at kapatid. Pagbibigay ng mga munting ala-ala (regalo) sa isa't isa. Maaaring magkaroon ng pulong-pulong ang mga pamilya kung saan pagkakasunduan ang mga bagay para sa ikabubuti ng komunikasyon sa pamilya. Halimbawa, no *cellphone time* sa hapag kainan. Maaari ding magplano ang pamilya ng mga aktibidad sa pagtulong sa mga nangangailangan. Halimbawa, pag-alay ng panahon at pera sa mga kaanak at kapitbahay na nangangailangan.<br><br>**3. Pakikiisa sa mga proyekto at gawain sa pamayanan**. Ang pakikisa sa mga proyekto ng pamayanan ay nagbibigay-daan sa mga mamamayan na magtulungan at magkaisa upang maisakatuparan ang mga layunin at adhikain ng kanilang komunidad. Ito ay nagpapalakas ng samahan at pagkakaisa sa pagitan ng mga | |

| | | |
|---|---|---|
| | tao. Nagpapalawak ng kanilang kaalaman at kasanayan, at nagbubunga ng positibong pagbabago at pag-unlad sa lipunan. Ang bawat indibidwal na nagpapakita ng pakikiisa ay nag-aambag sa pagpapalakas ng kanilang komunidad at nagpapabuti sa buhay ng kanilang kapuwa mamamayan. Isang halimbawa nito ay ang Brigada Eskwela.<br><br>**4. Pagiging bukas sa pakikipagkaibigan at pakikipagugnayan sa mga taong may naiibang paniniwala. A**ng pagiging bukas sa pakikipagkaibigan at pakikipag-ugnayan sa mga taong may iba't ibang paniniwala ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagiging makatao. Ito ay nagpapalawak ng ating kaalaman at pag-unawa sa iba't ibang kultura, pananaw, at paniniwala. Sa pamamagitan ng pagiging bukas, natututuhan nating mag-respeto sa opinyon at pananaw ng iba, at itinataguyod natin ang pagkakaisa at pagtanggap sa kabiguang mayroon tayo. Ang ganitong pag-uugnayan ay nagbibigay-daan sa pagpapalakas ng mga samahan at pagpapalaganap ng pagmamahalan sa pamayanan. Bukod dito, ito rin ay nagbibigay ng mga oportunidad na magkaroon ng mga bagong kaibigan at karanasan na magbibigay-sigla sa ating buhay. Sa huli, ang pagiging bukas sa pakikipagkaibigan at pakikipag-ugnayan sa iba ay nagpapalakas sa ating kakayahan na maging mabuting tao o pagiging makatao.<br><br>**5. Patuloy na pag-aaral sa sariling kalagayan, kultura at kasaysayan ng sariling bayan.** Ang pagpapalawak ng kaalaman sa kultura at kasaysayan, hindi lamang sa sariling bayan kundi pati na rin sa ibang kultura, ay may mahalagang papel sa pagpapalalim ng ating pag unawa sa mundo. Sa pamamagitan nito, natututuhan natin ang pagpapahalaga sa ating sariling kultura at kasaysayan, na siyang nagbibigay sa atin ng sariling pagkakakilanlan bilang mga Pilipino. Binubuksan rin nito ang ating isipan sa mga kaugalian, paniniwala, at tradisyon ng iba't ibang bansa at lahi, na nagpapalawak sa ating pang-unawa sa pagkakaiba-iba at pagkakapareho ng tao sa buong mundo.<br><br>**Gawang Aralin 3. Nakasali o Ginagawa/Nagawa N'yo na ba ang Ganito?**<br><br>Lagyan ng Tsek (/) ang nagawa na ng inyong pamilya, sa simbahan o pamayanan.<br><br>______ *Storytelling* kasama ang lolo/lola<br>______ *Family camping*<br>______ Nakibahagi sa *camping* ng mga kabataan | |

______ Naunang bumati sa bagong kaklase
______ Nagpakain/nagpamigay ng tulong
______ Nakilahok sa paglinis ng kapaligiran
______ Naimbita sa bahay ng dayuhan o may ibang paniniwala/pananampalataya
______ Nagtanggol ng binu-*bully*
______ Nagkibahagi sa pagtitipon ng barangay
______ Nagmamano sa mga nakakatanda sa tuwina
______ Tumulong sa matatanda na may kapansanan
______ Nagbigay ng upuan sa matanda
______ *Hiking* kasama ang pamilya
______ Nagdasal/nagdarasal kasama ang pamilya
______ Parating gumagamit ng po at opo
______ Masaya sa pagtulong sa gawaing bahay

**Si Juan at ang Kaniyang Pagtulong sa Kapuwa**

Akda ni Cristy D. Sagun
DAPSMECS MAIN, SDO Urdaneta City
*Edited by*: Lily Fetalsana Apura

May isang batang lalaking mag-aaral na nagngangalang Juan. Si Juan ay kilala sa kanilang lugar dahil sa kaniyang malasakit sa kapuwa. Isa siyang mabait, mapagbigay, at palaging handang tumulong.

Isang umaga, habang papauwi si Juan galing sa paaralan, nakita niya ang isang matandang lalaki na nahihirapang maglakad. Agad siyang lumapit para tulungan ang matandang lalaki sa pagtawid sa kalsada. "Napakabait mong bata, maraming salamat sa iyong kabaitan," sabi ng matandang lalaki. "Ako ay papunta sa tindahan upang bumili ng aking mga pangangailangan. Wala kasi akong mapag-utusan."

“Walang anuman po. Juan po ang pangalan ko. Naaalaala ko ang lolo ko ng makita ko kayo.” Nagkataon na binigyan si Juan ng pera ng kaniyang tiyohin. Kaya bumili si Juan ng ilang pagkain. Malapit lang pala ang tahanan ng matanda at maaga pa naman. Kaya, nagpasiya si Juan na ihatid ito sa tahanan. Habang sila ay naglalakad, pauwi sa tahanan ng matanda nagkuwento ito. “Ang pangalan ko ay Enrique, isa akong retiradong sundalo. Nadestino ako at nakipag-away sa

armadong rebelde sa mga kabukiran ng Mindanao at Negros. Nadestino rin ako sa Mindoro at iba pang lugar sa Pilipinas," ang pagkukuwento ng matanda. "Pero iho, matanda na ako. Ngayon, inaalala ko na lang ang mga karanasan ko. Kahit pagbili ng kailangan ko ay nahihirapan na ako." Nang makarating sila sa tahanan nito, naisip ni Juan, "kung minsan maaga mag-uwian at may oras pa ako dadalawin ko si lolo paminsan-minsan." "Lolo puwede po bang dumalaw ako sa inyo paminsan-minsan? Nais ko pong makinig sa mga kuwento ng karanasan ninyo sa pagiging sundalo."

"Maraming salamat Juan ikinagagalak kong maging kaibigan mo," ang masayang tugon ng matanda. "Naway pagpalain ka ng Panginoon."

Pagtatalakay ng kuwento

1. Ano ano ang pinagkakaabalahan ninyo matapos ang klase?
2. May nakita na ba kayong matanda o toang may kapansanan na nahihirapan sa daan? Ano ang ginawa ninyo? Bakit?
3. Ano kaya ang puwedeng mangyari kung hindi tinulungan ni Juan ang matanda?
4. Kung ikaw si Juan tutulong ka ba sa matandang hindi mo kilala? Bakit?
5. Ano ano ang mga magagandang dulot ng pagtulong ni Juan sa matanda?
6. Ano ano ang mga dahilan kung bakit tayo nag aatubiling tumulong sa mga taong nangangailangan?

Babalikan ang kanta sa simula ng aralin at pupunan ng mga mag-aaral ang mga puwang ng mga kilos at gawa na angkop at ugnay sa aralin ukol sa mabubuting pag-uugali ng mga Pilipino. Gagawin ito ng pangkat pangkat at kakantahin ng bawat pangkat ang kanilang gawa sa harapan ng klase. Lalagyan nila ng pamagat ang kanta ayon sa kanilang mga sagot sa puwang. Halimbawa: Pamagat: Tutulong ako Inay, Tutulong ako Itay ….

Pamagat: ________________________________________

________________ Itay ________________ Inay,
Isang _____________ sa ating mga magulang
________________________ Inay, Kay sarap pakinggan
Magandang kaugalian, Sana'y mapangalagaan

| | | |
|---|---|---|
| | At hindi mapabayaang,<br>________________________________________<br>Di ka ba nangangamba, Ang panahon nag-iiba<br>Darating ang araw kung tayo'y wala na<br>Tuluyan na rin kayang mawawala ito<br>Ang ugaling Pinoy na ________________________,<br>Unti-unting nawawalan ng saysay<br>Ang ugaling Pinoy sa banyagang bayan,<br>Unti-unting nawawalan ng buhay | |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**Pabaong Pagkatuto**<br><br>Bawat mag-aaral ay mag-iisip at magdadala ng larawan na nagpapakita ng pagsunod sa pangunahing payo ng kanilang mga magulang alinsunod sa Panatang Makabayan.<br><br>Ang bawat pangkat ay gagawa ng poster ng Panatang Makabayan na may larawan ng mga gagawin ng bawat kasapi ng grupo. Bibigkasin nila ng sabayan at madamdamin ang Panatang Makabayan sa harapan ng klase at sasabihin ang mga gagawin ng bawat isa bilang pagpapakita ng pagmamahal sa bayan at magulang.<br>Iniibig ko ang Pilipinas,<br>aking lupang sinilangan<br>tahanan ng aking lahi;<br>kinukupkop ako at tinutulungang<br>maging malakas, masipag at marangal.<br><br>Dahil mahal ko ang Pilipinas<br>diringin ko ang payo ng aking mga magulang<br><br>Mga payo ng aking mga magulang: ______________________________<br>__________________________________________________<br>__________________________________________________ | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Rubrik sa Pagmarka:**<br><br>10/10: Litaw na litaw ang kaalaman ukol sa mga kaugaliang Pilipino at mga pamamaraan ng pagpapahalaga ng mga ito sa gawa ng pangkat. Bawat mag-aral ay may naitalang konkretong kilos ng pagpapahalaga sa Kaugaliang Pilipino.<br>8-9: Litaw ang kaalaman ukol sa mga kaugaliang Pilipino at mga pamamaraan ng pagpapahalaga ng mga ito sa gawa ng pangkat. Bawat mag-aral ay may naitalang tatlong konkretong kilos ng pagpapahalaga sa kaugaliang Pilipino.<br>5-7: May lumitaw na kaalaman ukol sa mga kaugaliang Pilipino at mga pamamaraan ng pagpapahalaga ng mga ito sa gawa ng pangkat. Bawat mag-aral ay may naitalang dalawang konkretong kilos ng pagpapahalaga sa Kaugaliang Pilipino.<br>1-4: May kaunting lumitaw na kaalaman ukol sa mga kaugaliang Pilipino at mga pamamaraan ng pagpapahalaga ng mga ito sa gawa ng pangkat. Bawat mag-aral ay may naitalang tag-iisang konkretong kilos ng pagpapahalaga sa Kaugaliang Pilipino.<br>**Pagninilay sa Pagkatuto:**<br>**Suri Sa Sarili**<br><br>Susuriin at mamarkahan ng mag-aaral ang sarili ukol sa pagsasabuhay ng mga kaugaliang Pilipino.<br><br>**Gabay sa pagmarka sa sarili:**<br>**5:** paratihan nang ginagawa ng kusa at ng pinakamabuting kaya<br>**4:** ginagawa kaagad kapag inutusan ng mga magulang, guro o dahil alituntunin ng pamayanan<br>**3:** ginagawa ko paminsan-minsan kapag may oras o kapag pinaaalala<br>**1-2:** Hindi ito sumagi sa isip ko. Maaari kong gawin ito.<br><br>**Pagsasabuhay ko ng Mga kaugaliang Pilipino**<br>____ 1. Parati akong gumagamit ng po at opo at ang katulad na mga salita kapag nakikipag-usap sa mga matatanda.<br>____ 2. Ako ay nag-mamano at nagpapasalamat sa aking mga magulang.<br>____ 3. Binibigyan ko nag panahong bisitahin at kausapin ang aking mga lolo at lola.<br>____ 4. Isinasapuso ko ang mga payo at aral ng aking mga magulang. .<br>____ 5. Sinisikap kong magpakumbaba at umunawa sa mga kasapi ng aming | |

| | | |
|---|---|---|
| | pamilya at mga kamag anak para magkaroon kami ng mabuting relasyon.<br>Rubriks:<br>**20 - 25 puntos:** Napaka taas ng antas ng pagpapahalaga mo sa kaugaliang Pilipino.<br>**15-19 puntos:** Mataas ang antas ng pagpapahalaga mo sa kaugaliang Pilipino.<br>**10-14 puntos:** Kagaya sa karamihan ang pagpapahalaga mo sa kaugaliang Pilipino.<br>**5-9 puntos:** Mababa sa karamihan ang pagpapahalaga mo sa kaugaliang Pilipino.<br>**1-4 puntos:** Kailangang matuto kang pahalagahan ang mga kaugaliang Pilipino. | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit**<br><br>Basahin ng mabuti ang bawat tanong. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.<br><br>1. Alin sa mga gawain sa ibaba ang kaugaliang Pilipino na nagpapakita ng kanilang pagiging masayahin at magiliw?<br>A. Pagiging palaasa sa kapalaran<br>B. Pagiging malungkot sa lahat ng pagkakataon<br>C. Pananatili sa sariling mundo at hindi pakikisalamuha sa ibang tao<br>D. Kakayahang ngumiti at magpatawa sa iba-ibang situwasyon.<br>2. Ano ang ipinapahiwatig ng pagiging madasalin ng mga Pilipino?<br>A. Hindi nila kailangan ang tulong ng Diyos.<br>B. Wala silang alintana sa kanilang pananampalataya.<br>C. Sila ay labis na makaDiyos at walang anumang pagkukulang.<br>D. Kanilang pinapahalagahan ang pananampalataya sa Diyos at humuhugot ng lakas mula dito.<br>3. Paano ipinapakita ng mga Pilipino ang kanilang takot sa Diyos?<br>A. Pagbibigay prayoridad sa sariling kalayaan<br>B. Takot mapag-isa<br>C. Takot sila sa madilim na lugar.<br>D. Hindi gagawa ng masama sa kapuwa. | **Mga tamang sagot:**<br>1 -5. D<br>6-10. C<br>11-12. B<br>13-14. B at C<br>15. B |

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Ano ang kaugaliang Pilipino na nagpapakita ng pagiging magiliw sa mga bisita?<br>A. Hindi pagsasalita sa mga bisita<br>B. Pagsasabi ng masasakit na salita sa mga bisita<br>C. Pag-iwas sa mga bisita upang hindi magkaroon ng abala<br>D. Pagmamalasakit at magalang na pakikitungo sa mga bisita<br>5. Paano naipapakita ang pagmamalasakit ng mga Pilipino sa kanilang pamilya?<br>A. Pagdalo sa mga pagtitipon ng pamilya<br>B. Pag-iwas sa pamilya upang makapag-*focus* sa personal na interes<br>C. Pagkuha ng mga gamit o pera mula sa mga kapamilya<br>D. Pagsasaalang-alang sa kalagayan at damdamin ng bawat miyembro ng pamilya<br>6. Alin sa mga salaysay ang pagsasakilos ng mabuting kaugaliang Pilipino?<br>A. Nagpapakita ng mga negatibong asal ng mga Pilipino<br>B. Pinalalakas ang impluwensiya ng dayuhan sa kultura<br>C. Ipinapakita ang mga magagandang ugali ng mga Pilipino<br>D. Ipinamamalas ang kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas<br>7. Paano ipinapakita ang pagiging mapagpakumbaba bilang isang mabuting kaugalian ng Pilipino?<br>A. Pagtanggi sa pagtulong sa mga kapuwa<br>B. Pag-aaksaya ng oras sa mga walang kabuluhan<br>C. Pag-amin sa mga pagkukulang at pagkakamali<br>D. Pagyayabang ng mga tagumpay sa *social media*<br>8. Aling kilos ang hindi kasama sa mga halimbawa ng "pagtulong sa kapuwa"?<br>A. Pag-aaral ng mabuti<br>B. Pagsasagawa ng illegal na gawain para kumita ng pera<br>C. Pagtuturo sa isang estudyanteng nahihirapan ng libreng tutorial<br>D. Pagpapatyo ng isang sariling monumento<br>9. Anong konsepto ang ipinapahayag ng pagmamalasakit sa kapakanan ng bayan?<br>A. Pagiging *self-centered* at walang pakialam sa iba<br>B. Pagtutuon ng pansin sa pansariling interes lamang<br>C. Paggawa ng mga aksiyon para sa ikabubuti ng komunidad o bansa<br>D. Pag-aambisyon para sa personal na kapakinabangan<br>10. Aling kaugalian ang maiuugnay sa pagiging makapamilya?<br>A. Parati lang sa bahay<br>B. Hindi magbibigay sa iba dahil para lang lahat sa pamilya<br>C. Pagbibigay panahon at prayoridad na makasama ang pamilya<br>D. Pag-aksaya ng oras sa mga hindi produktibong gawain<br>11. Sa anong paraan maipakikita ang pagkamakatao?<br>A. Pagsunod sa mga batas at responsibilidad<br>B. Pagtulong at pag-alalay sa isang taong natumba sa daan. | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">C. Pagsasagawa ng mga gawaing pilit na ipinagbabawal<br>D. Pagsisiwalat ng personal na impormasyon sa publiko<br>12. Alin sa sumusunod ang nagpapamalas ng mabuting pakikibagay at pakikisama?<br>A. Hindi pagtanggi kahit ayaw<br>B. Pagsisikap na unawain, at kaibiganin ang mga kasamahan<br>C. Sasama sa lahat ng lakad ng barkada<br>D. Pagtanggi na makasama sa grupo ang ibang kamag-aral<br>13-14 Alin sa mga sumusunod ang hindi kaugaliang Pilipino (dalawang sagot)<br>A. Paggalang sa mga nakakatanda<br>B. Pranka at nangangatuwiran sa magulang na parang kaedad lamang<br>C. Pababayaan ang bisita sa sala habang kumakain.<br>D. Pagtulong sa isang banyaga na makita ang address na hinahanap.<br>15. Alin sa sumusunod ang hindi dapat gawin para mapalawak at mapalalim ang kaalaman sa pag-uugaling Pilipino.<br>A. Patuloy na pag-aaral sa kultura at kasaysayan ng Pilipinas<br>B. Pag-aaral sa kasaysayan ng ibang lahi<br>C. Pag-kanta at pagtangkilik ng mga sariling produkto at sining<br>D. Pagtangkilik ng mga banyaga at imported na mga produkto.<br><br>Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br><br>Sagutin ang tanong: Sa papanong paraan ko isinasabuhay ang mga natutuhan ko?</td>
<td>Gabay sa pagmarka:<br><br>14-15: Naunawaan at natatandaan ng mabuti ang aralin.<br>11-13: Karamihan sa aralin ay nauunawaan at natatandaan ng mabuti.<br>8-10: Naaayon sa inaasahan sa aralin na maunawaan at matandaan.<br>1-7: Mababa sa inaasahan ang naunawaan at natandaan sa aralin at kailangang pagbutihin ang pag-unawa at pag-alala sa aralin.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o</td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo. |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito. |